
ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA
ECSTASY
X
Hug
Love Drug
XTC
E
Beans
drugfreeworld.ph

# BAKIT GINAWA ANG BOOKLET NA ITO

Maraming usap-usapan tungkol sa mga droga sa mundo—sa mga lansangan, sa eskuwelahan, sa Internet at sa TV. Ang ilan sa mga ito ay totoo, ang ilan ay hindi.

Sa katunayan, marami sa mga naririnig ninyo tungkol sa mga droga ay nanggagaling sa mga nagbebenta ng mga ito. Umamin ang mga nagbagong-buhay na nagbebenta ng droga na sasabihin nila ang kahit na ano para mapabili ang ibang tao ng ng droga.

Huwag magpapaloko. Kailangan mo ng mga katotohanan para makaiwas na malulong sa mga droga at matulungan ang iyong mga kaibigang lumayo sa mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit namin inihanda ang booklet na ito—para sa iyo.

Mahalaga ang inyong opinyon sa amin, kaya umaasa kaming makarinig mula sa inyo. Maaari ninyo kaming bisitahin sa internet sa **drugfreeworld.ph** at padalhan kami ng e-mail sa **info@drugfreeworld.ph**.





# Pakikipagsayaw sa KAMATAYAN?

Ang Ecstasy ay ilegal. Iklinasipika ito ng Drug Enforcement Administration bilang isang Schedule I na droga, isang paglalarawang inilalaan para sa mapapanganib na substansya at walang alam na gamot para dito. Ang ibang Schedule I na droga ay kinabibilangan ng heroin at LSD. Ang parusa sa pagmamay-ari, pagdadala at paggawa ng Ecstasy ay maaaring kabilangan ng mga sentensiya sa kulungan na apat na taon hanggang habambuhay, at multa mula sa $250,000 hanggang $4 milyon, depende sa dami ng drogang nasa iyong pagmamay-ari.

Sa kasamaang palad, ang Ecstasy ay isa sa mga sikat na mga droga ng mga kabataan ngayon. Tinataya ng UN Office on Drugs and Crime (Tanggapan ng Nagkakaisang Mga Bansa para sa Mga Droga at Krimen) na halos 9 milyong tao ang gumagamit ng Ecstasy sa buong mundo. Ang karamihan sa gumagamit nito ay mga kabinataan at kadalagahan at ang mga mas nakababatang mayor-de-edad.

Kapag ihinalo sa alak, ang Ecstasy ay talagang mapanganib at sa katotohanan ay maaari itong nakakamatay. Napakalawak ng panganib ng “designer drug” na ito na bumulusok paitaas nang higit 1200% ang naitalang insidente ang naidadala sa emergency room simula noong naging paboritong“club drug” ang Ecstasy sa lahat ng pandamagang “rave” party at mga dance club.



# Gusto mo ba talagang mag-party?

Si Nikki ay isa sa mga mahihilig pumunta sa mga rave party. Sa kagustuhan niyang takasan ang kanyang mga problema at maging masaya, nagplano siyang mag-party nang magdamag kasama ang ilang kaibigan. Ang isa sa kanila ay may dalang bote ng likidong Ecstasy sa kanyang kotse, kaya nagpasya silang lahat na uminom nang kaunti. Ilang saglit lang ay naramdaman na nila ang epekto nito. Nagsayaw nang nagsayaw nang nagsayaw si Nikki, itinutulak ang kanyang sarili higit sa kanyang karaniwang limitasyon. Tulad ng sinabi ng isa sa kanyang mga kaibigan sa isang ulat-polisya, “Walang nararamdamang kahit anuman si Nikki.”

Kinabukasan, patay na si Nikki. Ang dahilan ng kamatayan: pagkalason dahil sa droga (Ecstasy).

Iniisip mo, “Pero hindi ito mangyayari sa akin.” Maaaring hindi, pero gusto mo ba talagang subukan?

Sa isang rave party, nakita ko ang isang lalaking uminom nang maraming Ecstasy na ilang oras na paulit-ulit na nagsasabi ng "Dalandan ako, huwag n'yo akong balatan, dalandan ako, huwag n'yo akong balatan." Akala naman ng isang lalaki na siya ay isang langaw at ayaw niyang tigilan ang pag-untog sa ulo niya sa isang bintana.

—Liz



# Ano ang Ecstasy?

Ang Ecstacy ay unang ginawa ng Merck Pharmaceutical Company noong 1912. Sa orihinal nitong anyo, ito ay kilala bilang "MDMA." Ginamit ito noong 1953 ng hukbong sandatahan ng Estados Unidos sa kanilang mga eksperimento sa psychological warfare, at pagkatapos ay muli itong bumalik noong mga 1960 bilang gamot na pang-psychotherapy para "makabawas ng mga inhibisyon."* Ngunit mula noong mga 1970 lamang sinimulang gamitin ang MDMA bilang isang party drug.

Noong unang banda ng 1980, ang MDMA ay itinataguyod bilang ang "pinakamainit na bagay sa patuloy na paghahanap para sa kasiyahan sa pamamagitan ng kimika," at ang "in" na droga para sa maraming party. Legal pa noong 1984, ibinebenta ang MDMA sa tatak na "Ecstasy," ngunit noong 1985, ipinagbawal ang droga dahil sa mga pangkaligtasang alalahanin.

Mula noong huling banda ng 1980, ang Ecstasy ay naging malawakang pangalang pang-merkado para sa mga nagbebenta ng droga na nagbebenta ng mga "drogang parang Ecstasy" na sa katunayan ay may napakaunti o wala man lamang MDMA. At habang maaaring makalikha ng mapapanganib na epekto ang MDMA, ang tinatawag na Ecstasy naman ngayon ay maaaring maraming kemikal na sangkap—mula sa LSD, cocaine, heroin, amphetamine at methamphetamine, mula sa lason sa daga, caffeine, pampurga ng aso, atbp. Sa kabila ng cute na mga logo na inilalagay ng mga nagbebenta sa mga pill, iyon ang dahilan kung bakit talagang delikado ang Ecstasy; kailanman ay hindi talaga alam ng gumagamit kung ano ang ginagamit niya. Lumalaki ang panganib kapag itinataas ng mga gumagamit ang dosis para maabot ang naranasan nang "high", hindi alam na maaaring ganap na ibang kombinasyon ng droga ang ginagamit nila.

Ang Ecstasy ay kadalasang nasa anyong tableta ngunit mayroon ding itinuturok at iniinom sa ibang paraan. Ang likidong Ecstasy ay GHB sa katunayan, isang substansyang nakapagpapababa ng aktibidad ng sistema ng nerbiyos—isang substansyang matatagpuan din sa panlinis ng lababo, pantanggal ng mga dumi sa sahig at mga likidong pantanggal ng grasa.

* inhibisyon: mga ideya o mga patakarang pumipigil sa isang tao sa paggawa ng isang bagay.

# Mga Sikat na Tawag

- Cadillac
- Adam
- Beans
- California Sunrise
- Clarity
- E
- Essence
- Elephants
- Eve
- Hug
- Hug Drug
- Scooby snacks
- Love pill
- Lover's speed
- Roll
- X
- Snowball
- XE
- XTC



# Panaginip o Bangungot?

- Ayon sa National Survey on Drug Use and Health (Pambansang Sarbey sa Paggamit ng Droga at Kalusugan) noong 2007, 12.4 milyong Amerikano edad 12 pataas ay sumubok gumamit ng Ecstasy minsan man lamang sa kanilang buhay, kinakatawan ng 5% ng populasyon ng Estados Unidos sa edad na iyon.
- Ayon sa resulta ng sarbey noong 2007, 2.3% ng mga nasa ikawalong baitang, 5.2% sa mga nasa ikasampung baitang at 6.5% ng mga nasa ikalabindalawang baitang ang sumubok gumamit ng Ecstasy isang beses man lamang.
- 92% sa mga nagsisimulang gumamit ng Ecstasy sa mas matandang edad ay bumabaling sa ibang droga tulad ng marijuana, mga amphetamine, cocaine at heroin



# Imaginary love pill

## Tanggalin ang maskara


Ang Ecstasy ay kasalasang tinatawag na "the love pill" dahil pinapabuti nito ang pakiramdam sa kulay at tunog at sinasabi pang pinalalakas ang pakiramdam kapag hinahawakan o hinahaplos ang ibang tao, partikular habang nagse-sex.

Ngunit ang Ecstasy ay kadalasang may mga hallucinogen (pampaguni-guni), na mga drogang nagkaka-epekto sa isipan at nagdudulot sa taong makita o maramdaman ang mga bagay na wala naman doon. Ang mga hallucinogen ay maaaring magdala sa isang tao sa isang nakatatakot o nakalulungkot na karanasan mula sa nakaraan, kung saan siya "nakukulong" nang hindi man lamang niya namamalayan.



Ayos lang naman ang mga rave party basta hindi ka gumamit ng Ecstasy. Ngunit sa oras na masimulan mo na ito, iisipin mong ang mga taong nagsasabi sa iyong tumigil ay mga tanga. Sisimulan mong isiping nakahanap ka na ng isang bagay na napakaganda at hindi dapat subukan ng ibang sabihan ka ng kabaliktaran. Kapag nagsimula mo nang magustuhan ang Ecstasy, huli na ang lahat. Lubog ka na."

—Pat



Ang imahe ng Ecstasy bilang "love pill" ay isa sa maraming kasinungalingang ipinakakalat tungkol sa droga.

Ang ecstasy ay nakakasira ng emosyon at ang mga gumagamit ay kadalasang nagdurusa sa matinding lungkot, pagkalito, napakatinding pagkabalisa, paranoia,* baliw na pag-uugali at iba pang sikolohikal na problema.

* paranoia: pagdududa, kawalan ng tiwala o takot sa ibang tao.



Suwerte at buhay pa ako, pero narito ako't nasa akin ang mga araw, mga buwan at mga taon pagkatapos ng trauma. Kinailangan kong harapin ang nagawa nito sa akin para sa buong buhay ko.... Nararanasan ko ang lahat, anumang banggitin mo. Matinding kalungkutan, Pagkabalisa, stress, [paulit ulit na] bangungot sa gabi, at matitinding sakit ng ulo ang ilan sa mga bagay na nakaapekto sa akin matapos akong gumamit ng Ecstasy. Muntik na akong mamatay. Isang gabi lang, kaunting [Ecstasy] pills, at pag-inom ng alak. Talagang nakamamatay ang drogang ito, at nagpapasalamat ako't buhay pa ako. Hindi ko maipaliwanag kung gaano kahirap ang palaging makipaglaban sa mga bangungot na ito. Gumigising akong pawis na pawis at nagpapasalamat sa Diyos, at nagpapasalamat dahil isang bangungot lang ulit. Pinagdarasal kong sa pagdaan ng panahon ay mawawala rin ang mga bangungot... Walang sulit na droga."

—Megan

# Ang mga maaaring kalabasan sa paggamit ng Ecstasy

Tinatabunan ng Ecstasy ang likas na mga senyales pangkaligtasang inilalabas ng katawan. Bilang resulta, matapos gumamit ng droga, maaaring sumuong ang isang tao sa mga panganib nang higit sa kanyang pisikal na limitasyon at kakayahan. Halimbawa, maaaring hindi man lamang alam ng isang taong gumagamit ng Ecstasy na siya ay sobrang naiinitan at maaaring mahimatay o mamatay dahil sa heatstroke.

Natuklasan ng isang pag-aaral na ginawa ng University of Texas Center for Social Work Research (Sentro ng Unibersidad ng Texas para sa Pananaliksik para Panlipunang Gawa) na ang pinakamadalas maiulat na pangmatagalang epekto ng Ecstasy ay kinabibilangan ng matinding kalungkutan at mas napababang kakayahang magtuon ng atensiyon. Natuklasan din ng mga mananaliksik na ang paulit-ulit na paggamit ng Ecstasy ay naiuugnay sa kaguluhan sa pagtulog, pag-uugali at pagkabalisa; mga panginginig o mga pagkislot; at mga problema sa memorya.

## PANANDALIANG MGA EPEKTO:

- Napahinang pagpapasya
- Hindi tamang diwa ng pagmamahal
- Kalituhan
- Matinding kalungkutan
- Mga problema sa pagtulog
- Matinding pagkabalisa
- Paranoia
- Paghahanap sa droga
- Tensiyon ng kalamnan
- Pakiramdam na para bang mahihimatay at mga pangangatog o pamamaga
- Hindi mapigilang pagtitiim ng mga ngipin
- Napalabong paningin
- Pagkaduwal



## PANGMATAGALANG MGA EPEKTO

- Pangmatagalang sira sa utak na nakaaapekto sa kaisipan at alaala.
- Pagkasira sa mga bahagi ng utak na kumokontrol sa napakahahalagang mga gawain tulad ng pagkatuto, pagtulog at emosyon.
- Para bang ang switchboard ng utak ay winarak, at pagkatapos ay pabaliktad na binuo ulit.
- Nasirang mga sangay ng nerbiyos at mga dulo ng nerbiyos
- Matinding kalungkutan, pagkabalisa, pagkawala ng alaala
- Ganap na pagkasira at hindi paggana ng bato
- Pagdurugo
- Kabaliwan
- Pagbagsak ng cardiovascular* na sistema ng katawan
- Mga kombulsyon
- Pagkamatay

* cardiovascular: may kinalaman sa puso at mga daluyan ng dugo.

Maraming tao akong naririnig na nag-uusap tungkol sa Ecstasy, tinatawag itong nakasisiya at hindi mapanganib na droga. Ang tanging naiisip ko ay, “Kung alam lang nila.”


“Sa loob ng limang buwan, nagbago ako mula sa isang taong nabubuhay nang kahit papaano ay responsable habang inaabot ko ang pangarap ko, tungo sa isang taong wala man lamang pakialam sa kahit na ano—at mas high ako, mas malalim ang paglubog ko sa isang madilim at malungkot na lugar. Kapag natulog ako, nagkakaroon ako ng mga bangungot at pangangatog. Maputla ako, pumipintig ang sakit ng ulo ko at nagsisimulang makaramdam ng paranoia, pero hindi ko pinansin ang lahat ng ito, iniisip na normal lang ang lahat. Hanggang sa isang gabi akala ko ay namamatay na ako.

“Kinuha ng Ecstasy ang aking lakas, ang udyok, mga pangarap, mga kaibigan, ang apartment ko, ang pera ko at higit sa lahat, ang aking katinuan. Araw-araw akong nag-aalala tungkol sa hinaharap at kalusugan ko. Maraming kabundukang dapat akyatin, pero plano kong patuloy na umakyat dahil isa ako sa mga masusuwerte.”

—Lynn



# Maaari ba akong maadik sa Ecstasy?



Nakaaadik ba ang Ecstasy? Maraming ganoon ang inaakala. Ngunit kahit na hindi maadik ang isang gumagamit, may apat na talagang tunay na panganib:

**PANGANIB # 1:** Noong 1995, mababa pa sa 10% ng mga pildoras na Ecstasy na nasa bentahan ay purong MDMA. Ang mga kasalukuyang gumagamit ng Ecstasy ay kadalasang gumagamit ng kombinasyon ng maraming iba't ibang klase ng mga droga, at kadalasan ay nakalalasong mga bagay.

**PANGANIB # 2:** Kailangang patuloy na itaas ng isang tao ang dami ng drogang ginagamit para lamang maramdaman ang parehong mga epekto. Sinasabi ng mga gumagamit na ang epekto ng Ecstasy ay napabababa nang malaki pagkatapos ng unang dosis. At sa pag-inom ng mas marami pa, dumarami rin ang negatibong mga epekto ng droga.

Dahil sa nababawasan ang hinahangad na epekto mula sa paggamit ng droga, madalas na sinusubukan ng tao ang ibang droga na mas mapanganib pa.

**PANGANIB # 3:** Pakiramdam ng mga gumagamit na minsan ay kailangan nilang gumamit ng ibang droga tulad ng heroin o cocaine para makatulong sa pangkaisipan at pisikal na sakit na nagiging resulta pagkatapos humupa ang epekto ng Ecstasy; 92% ng mga gumagamit ng Ecstasy ay umaabuso rin ng iba at mas malakas pang droga.

**PANGANIB # 4:** Ang maling ideya na maganda ang pakiramdam ng isang tao dahil lamang sa Ecstasy ay humahantong sa pagnanais na gamitin ito nang mas madalas kaysa sa mga rave at techno party lamang; tulad ng ibang stimulant (pampasiglang) droga, patuloy na gumamit ng Ecstasy ang mga tao, sa kabila ng pagdanas sa mga hindi kanais-nais na mga epekto.



# Siyentipikong Impormasyon

Napakaraming pag-aaral ang ginawa tungkol sa Ecstasy. Ipinapakita ng mga ito na:

- Ang paggamit ng Ecstasy ay maaaring makasira ng atay tulad sa kaso ng 14 na taong gulang na batang babaeng namatay, sa kabila ng pagsusubok ng mga doktor na sagipin siya sa pamamagitan ng paglilipat ng bagong atay sa kanyang katawan.
- Ang Ecstasy ay minsan ding hinahaluan ng mga sangkap na tulad ng lason sa daga.
- Namatay dahil sa dehydration (pagkatuyot), kapaguran at atake sa puso ang mga kabataan bilang resulta ng sobrang paggamit ng Ecstasy.
- Ang Ecstasy ay maaaring magdulot ng pinsala sa bato, atay at utak, kabilang na ang matagalang mga sugat (mga pinsala) sa mga himaymay ng utak.
- Kahit na kaunting Ecstasy ay sapat na mapanganib para malason ang sistema ng nerbiyos at magdulot ng hindi na magagamot na pinsala.

# Pagsugpo sa propaganda tungkol sa droga

Ang "positibong" imahe ng mga droga ay pangunahing nanggagaling mula sa pagmumukha nitong glamoroso sa mga pelikula at musika.

Kapag ang isang bagay ay unang lumabas sa pamilihan, madalang itong itinuturing na mapanganib hangga't sa matagal nang nakikita ang pinsala. Sa panahong iyon ay nagawa na ang pinsala, at ang maling ideya na ang droga ay "mapanganib" ay malawak nang tinanggap.

Ang Ecstacy ay naging paksa ng katulad na propaganda. Tulad ng napansin ng isang nag-oobserba sa media, "Para bang isang henyo sa marketing ang naka-imbento ng kampanya para dito."

Nabaliw ako dahil sa Ecstasy. Isang araw ay kumagat ako ng salamin, tulad ng pagkagat ko sa isang mansanas. Kinailangan pang mapuno ang bunganga ko ng bubog para magising ako sa kung ano ang nagyayari sa akin.  Minsan naman ay isang oras akong nagpunit ng mga basahan gamit ang mga ngipin ko.”

—Ann



# Ano Ang Sasabihin sa Iyo ng Mga Nagbebenta

Noong sinarbey ang mga kabinataan at kadalagahan para malaman kung bakit sila nagsimulang gumamit ng droga, 55% ang nagsabing dahil ito sa pang-uudyok ng kanilang mga kaibigan. Gusto nilang maging cool at sikat. Alam ito ng mga nagbebenta.

Lalapitan ka nila bilang isang kaibigan at mag-aalok na “tulungan ka” gamit ang “isang bagay na makapagpapa-angat sa kalooban mo.” “Tutulungan ka nitong maging ‘in’” o “gagawin ka nitong cool.”

Ang mga nagbebenta ng droga, inuudyukan ng mga kita na maaari nilang makuha, ay kung anu-ano ang sasabihin para mapabili ka nila ng kanilang droga.

Kung gagamit ka ng Ecstasy, “maraming babae ang magkakagusto sa iyo.”

Wala silang pakialam kung sisirain ng mga droga ang buhay mo hangga’t sa nababayaran sila. Ang gusto lamang nila ay pera. Inamin ng dating mga nagbebenta na ang tingin nila dati sa mga mamimili ay “mga piyesa sa isang laro ng chess.”

Alamin ang mga katotohanan tungkol sa droga. Magkaroon ng sarili ninyong mga desisyon.

# Ang Katotohanan Tungkol sa Mga Droga

Ang mga droga ay mga lason. Ang dami na ginamit ang makatitiyak sa resulta.

Ang maliit na dami ay nagsisilbi bilang pampasigla (nagpapabilis sa iyo). Ang mas marami ay nagsisilbing sedatibo (pinababagal ka). Ang mas marami pa ay nakalalason at maaaring makamatay.

Ito ay totoo sa kahit anumang droga. Tanging ang daming kinakailangan para makamit ang epekto ang naiiba.

Ngunit maraming droga ang may ibang panganib: ang mga ito ay direktang nakaaapekto sa isipan. Maaaring pasamain ng mga ito ang pag-unawa ng gumagamit sa nangyayari sa kanyang paligid. Bilang resulta, ang mga kilos ng taong iyon ay maaaring maging kakaiba, hindi makatwiran, hindi naaangkop at maaari pang mapanira.

Hinaharangan ng mga droga ang lahat ng mga pandama, ang mga kanais-nais ay pinapalitan ng mga hindi kanais-nais. Kaya habang nagbibigay ng panandaliang tulong sa anyo ng pagpapaginhawa sa sakit, pinapatay rin nila ang kakayahan at ang pagkalisto at pinapalabo ang pag-iisip ng isang tao.

Ang mga medisina ay mga drogang inilayon para mapabilis o mapabagal o mabago ang isang bagay tungkol sa paano gumagana ang iyong katawan, para subukang mapahusay ang paggana nito. Minsan ay kinakailangan ang mga ito. Ngunit ang mga ito ay mga droga pa rin: kumikilos ang mga ito bilang mga pampasigla o mga sedatibo, at ang sobra ay makamamatay sa iyo. Kaya't kapag hindi mo gagamitin ang mga medisina tulad ng kung papaano dapat gamitin ang mga ito, maaaring maging kasing-panganib ng ilegal na mga droga ang mga ito.

Ang tunay na kasagutan
ay ang alamin ang
mga katotohanan at hindi
gumamit ng mga droga
sa simula pa lamang.



# BAKIT GUMAGAMIT NG DROGA ANG MGA TAO?

Gumagamit ng droga ang mga tao dahil may gusto silang baguhin sa buhay nila.

Heto ang ilan sa mga dahilan sa paggamit ng mga droga na ibinigay ng mga kabataan:

- Para makibagay
- Para “makatakas” o makapag-relaks
- Para mapawi ang pagkabagot
- Para maging parang matanda
- Para magrebelde
- Para mag-eksperimento

Akala nila na ang mga droga ay solusyon. Ngunit kalaunan, ang mga droga ang nagiging problema.

Mahirap mang harapin ang mga problema, ang mga kalalabasan ng paggamit ng droga ay palaging mas malala kaysa sa problemang sinusubukang lutasin sa paggamit ng mga ito. Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.



## MGA SANGGUNIAN


Drug Enforcement Administration

National Institute on Drug Abuse

Drug Policy Information Clearinghouse

"Club Drugs Facts & Figures," Office of National Drug Control Policy

United Nations Office on Drugs and Crime World Report 2008

Center for Substance Abuse Research

British Medical Journal

National Institutes of Health

Department of Health (UK)

2007 National Survey on Drug Use and Health



PHOTO CREDITS:
Page 7: stockxpert.com
Page 18: stockxpert.com, bigstockphoto.com


Milyong mga kopya ng mga booklet na tulad nito na mababasa sa 22 wika ay ipinamahagi sa mga tao sa buong mundo. Sa pagsulpot ng bagong mga droga sa mga kalsada at mas maraming impormasyon tungkol sa kanilang mga epekto ang nalalaman, dinaragdagan ng impormasyon ang mga booklet na nagawa na at lumilikha rin ng mga bagong booklet.

Ang mga booklet na ito ay inilalathala ng Foundation for a Drug-Free World, isang hindi kumikitang organisasyong nakalaan para sa pampublikong benepisyo na nakasentro sa Los Angeles, California.

Ang Foundation ay nagbibigay ng pang-edukasyong materyales, payo at koordinasyon para sa pandaigdigang network nito para sa pag-agap sa paggamit ng droga.  Nakikipagtulungan ito sa mga kabataan, mga magulang, mga tagapagturo, mga organisasyon ng mga boluntaryong manggagawa at mga ahenteng pang-gobyerno—sinumang may interes sa pagtulong sa mga taong mabuhay nang malaya mula sa pang-aabuso sa droga.

# MGA KATOTOHANANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang booklet na ito ay isa sa mga serye ng publikasyong tumatalakay sa mga katotohanan tungkol sa marijuana, alcohol, Ecstasy, cocaine, crack cocaine, crystal meth at methamphetamine, mga de-langhap, heroin, LSD at pang-aabuso sa mga inireresetang droga. Taglay ang impormasyong ito, maaaring makagawa ang mambabasa ng desisyong mabuhay nang malaya sa droga.

**Para sa karagdagang impormasyon o para makakuha ng mas marami pang mga kopya nito o iba pang mga booklet sa seryeng ito, kontakin ang:**

Foundation for a Drug-Free World
6331 Hollywood Boulevard
Los Angeles, CA 90028 USA
drugfreeworld.ph • e-mail: info@drugfreeworld.ph
Telepono: 1-888 NO TO DRUGS (1-888-668-6378)

© 2018 Foundation for a Drug-Free World. Sarili Ang Lahat ng Karapatan. Ang logo ng Foundation ay isang tatak-pangkalakal na pagmamay-ari ng Foundation for a Drug-Free World. Item #20841-3-FIL